Tinipon ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagitan ng Maghrib at `Eishah sa isang tipon,Bawat isa sa kanila ay may Iqamah,at hindi siya Nagluluwalhati sa pagitan nilang dalawa,at hindi rin sa pagtapos ng bawat isa sa kanilang dalawa.

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa.Nagsabi siya:((Tinipon ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagitan ng Maghrib at `Eishah sa isang tipon,Bawat isa sa kanila ay may Iqamah,at hindi siya Nagluwalhati sa pagitan nilang dalawa,at hindi rin sa pagtapos ng bawat isa sa kanilang dalawa.))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nang lumubog ang araw sa araw ng `Arafah,Umalis ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-rito,patungo sa Muzdalifah,Nagdasal siya dito ng Magrib at `Eishah na Pagtipon na Panghuli,na may Iqamah sa bawat pagdarasal.at hindi siya nagdasal ng kusang-loob sa pagitan nila;bilang pagkamit sa kahulugan ng Pagtipon,at hindi rin pagkatapos nito,upang samantalahin niya ang pagkakataon sa pamamahinga,bilang paghahanda sa susunod nito [na gawain] mula sa pag-aalay.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/7187